

DOST ibinida ang mga virtual activity para sa 2020 NSTW

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Naglabas na ng pormal na listahan ng mga virtual activity ang Department of Science and Technology (DOST) para sa kauna-unahang online celebration ng National Science and Technology Week na gaganapin mula ika-23 hanggang ika-29 ng Nobyembre 2020.

Dala ang temang “Agham at Teknolohiya: Sandigan ng Kalusugan, Kaayusan, Kabuhayan, at Kinabukasan”, ibibida ng DOST kasama ng iba’t ibang ahensya at regional office ang mga virtual activities kasama ang 27 virtual fora, workshops, career talks, technology at project launching, at film showing kung saan ipapakita ang mga teknolohiya, inobasyon, at mga programa ng DOST na makatutulong sa mga sektor ng pangkabuhayan at industriya, kalusugan, edukasyon, disaster preparedness, at community development.


Magsisimula ang selebrasyon sa ika-23 ng Nobyembre 2020 sa ganap na 10:00 nang umaga sa pamamagitan ng isang virtual opening ceremony. Kasunod nito ay ang 30-minute virtual press conference na dadaluhan ng mga opisyal ng DOST sa pangunguna ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña.

Mula 1:00 PM hanggang 2:00 PM ay magkakaroon ng Remote Learning Experience

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Libreng nutribun technology hatid ng DOST para sa mga Pinoy entrepreneur.....	p3
Sustainable textile webinar sa 2020 NSTW pangungunahan ng DOST-PTRI	p4



DOST idaraos ang unang online National S&T Week celebration

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Hindi naging hadlang para sa Department of Science and Technology (DOST) ang mga pagsubok na dala ng COVID-19 upang idaos ang taunang selebrasyon ng National Science and Technology Week (NSTW).

Sa kauna-unahang pagkakataon, ipagdiriwang ang unang virtual NSTW mula ika-23 hanggang ika-29 ng Nobyembre upang ipagmalaki sa publiko ang mga makabagong inobasyon at programa ng DOST.

Dala ang temang “Agham at Teknolohiya: Sandigan ng Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusan, at Kinabukasan”, layon ng NSTW na ipakita ang iba’t ibang inisyatibo ng DOST at ng scientific community sa bansa sa larangan ng research and development; practical technology; mga inobasyon sa agrikultura, industriya, at kalusugan; technical services at mga training; at financial assistance para sa mga entrepreneur upang matulungan ang mga Pilipino sa pag-adapt sa new normal.

Bukod sa mga ibibidang teknolohiya at mga inobasyon ay magkakaroon din ng mga webinar

at iba pang virtual activity sa isang linggong selebrasyon ng NSTW. Sa mga nakaraang NSTW, ang mga techno-exhibit at activity ay karaniwang idinadaos sa loob ng limang araw sa SMX Convention Center at sa World Trade Center sa Pasay City.

Mula taong 1993 hanggang 2019, idinadaos ang selebrasyon ng NSTW tuwing ikatlong linggo ng Hulyo alinsunod sa Proclamation 169. Ngunit noong Agosto 2019, nilagdaan ni President Rodrigo Roa Duterte ang Proclamation 780 na nagsasaad na ang selebrasyon ng NSTW ay idaraos na sa tuwing ikaapat na lingo ng Nobyembre. Inilipat ito nang Nobyembre dahil sa pagbabago sa academic calendar ng mga estudyante, at upang mas maraming unibersidad at paaralan ang makadalo sa taunang selebrasyon ng NSTW.

Para sa karagdagang impormasyon sa 2020 NSTW celebration, bisitahin ang www.nstw.dost.gov.ph at ang Facebook page nito o mag-email sa nstw.secretariat@gmail.com and nstw2020.promotions@gmail.com. (*Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII*)

DOST, ibinida ...

Mula sa pahina 1

of PSHS System kung saan magbabahagi ang Pisay ng kanilang STEM education strategic plan para sa kanilang mga iskolar ngayong COVID-19 pandemic. Susundan ito ng TED-Talk-inspired sessions na pangungunahan ng DOST-Philippine Council for Health Research and Development (PCHRD). Pag-uusapan dito ang iba't ibang kontribusyon, development, at impact ng mga teknolohiya sa medisina kagaya ng RxBox telemedicine, GINAHWA, at Project SIBOL to mga apektadong komunidad ngayong COVID-19 pandemic.

Bago matapos ang unang araw ng NSTW, ilulunsad nang 3:00 PM ang OneStore Hub: SETUP on the Go. Kasunod nito ay ang Cybersecurity: Are We Serious About It? Nang 4:00 PM kung saan pag-uusapan ng eksperto mula sa DOST-National Research Council of the Philippines (NRCP) ang iba't ibang uri ng cyberattack at paano magkakaroon ng proteksyon laban dito.

Sa ika-24 ng Nobyembre naman mula 9:00 AM hanggang 11:00 AM ay magkakaroon ng 3rd IndieSyensya Film Exhibition upang ipalabas ang mga nanalong entry sa S&T film showing competition. Pagkatapos nito ay ang Nutriflix mula 11:00 AM hanggang 1:00 PM sa pangunguna ng DOST-Food and Nutrition Research Institute (FNRI). Kasunod naman nito ay ang Disaster

Resilience Summit na pangungunahan ng DOST- Philippine Institute for Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) mula 1:00 PM hanggang 3:00 PM. Ang huling programa sa ikalawang araw ng selebrasyon ay ang SETUP Forum: Gearing

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

LET'S ALL ENJOY THE MOST AWAITED LOCAL S&T EVENT OF THE YEAR RIGHT AT THE COMFORT OF OUR HOMES!



2020 NATIONAL SCIENCE AND TECHNOLOGY WEEK

23-29 November 2020

Theme: Agham at Teknolohiya: Sandigan ng Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusan, at Kinabukasan



NATIONAL SCIENCE AND TECHNOLOGY WEEK

DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY

f /2020nstw

nstw.dost.gov.ph

(Larawan mula sa National Science and Technology Facebook page)

Up for Industry 4.0 na gaganapin mula 3:00 PM hanggang 5:00 PM.

Sa ikatlong araw naman ng NSTW (25 Nobyembre 2020), magkakaroon ng CEST Forum sa pangunguna ng DOST Regional Offices. Ito ay gaganapin mula 9:00 AM hanggang 11:00 AM. Ang CEST o Community Empowerment through Science and Technology ay isa sa mga flagship program ng DOST na naglalayong mabigyan ng assistance ang mga rural community sa pamamangitan ng iba't ibang intervention sa mga sektor ng education, health, sanitation, livelihood enterprise, at disaster risk reduction and preparedness.

Pagkatapos ng CEST Forum ay magkakaroon naman ng Online Kwentuhan with S&T Idols mula 11:00 AM hanggang 1:00 PM sa pangunguna ng DOST-Science and Technology Information Institute (STII). Kasunod naman nito ay ang virtual forum sa TELA Sustainability

in Textile and Fashion mula 1:00 PM hanggang 3:00 PM na inorganisa ng DOST-

Philippine Textile Research Institute (PTRI).

Sa ika-26 ng Nobyembre magkakaroon ng webinar tungkol sa S&T initiatives ng pakikipag-ugnayan ng DOST kasama ang iba't ibang international partner sa pagdedevelop ng mga solusyon laban sa kasaluluyang pandemiko. Susundan naman ito ng Lecture Series and Symposium for the Youth na pangungunahan ng DOST National Academy of Science and Technology (NAST) mula 11:00 AM - 1:00 PM.

Pagkatapos nito, magsasagawa naman ang DOST-Advanced Science and

Technology Institute (ASTI) ng webinar kung saan ibibida nila ang kanilang state-of-the-art facility na Electronics Product and Development Center mula 1:00 PM - 3:00 PM. Samantala, mula 3:00 PM hanggang 5:00 PM, ipakikita naman ng DOST- Industrial Technology and Development Institute (ITDI) ang iba't ibang nitong technical services para sa iba't ibang industriya na makatutulong na paunlarin ang productivity, maket competitiveness, at efficiency ng operasyon.

sundan sa pahina 4

Libreng nutribun technology hatid ng DOST para sa mga Pinoy entrepreneur

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Libreng ibibigay ng Department of Science and Technology (DOST) ang technology para sa paggawa ng enhanced technology para sa mga kwalipikadong entrepreneur sa bansa na mayroong teknikal na kapasidad mag-prodyus nito sa merkado.

Ayon sa DOST, tinutukoy nito ang mga lokal na entrepreneur na: mayroong GMP-compliant facility (o kasalukuyang inaayos ang pagkuha nito); may kagustuhang mag-invest sa equipment at kinakailangang raw materials; may legal na identity; o rehistrado at taxpaying na kompanya.

“The technology on the production of enhanced nutribun is a ‘public good technology’,” ani ni Rosemarie G. Garcia, Chief Science Research Specialist ng DOST-Food and Nutrition Research Institute of the Department of Science and Technology (FNRI).

Ayon sa 2018 Expanded National Nutrition Survey, ang mga batang may edad na anim hanggang siyam na taong gulang ay may 63.1% vitamin A inadequacy. Samantala, ang mga nasa edad sampu hanggang 12 anyos ay mayroong 76.1% vitamin inadequacy. Ang enhanced nutribun ay siksik sa Vitamin A—na siyang karaniwang kulang sa pang-araw araw na pagkain ng mga kabataang Pilipino.

Hindi lamang ito makatutulong sa mga bata. Malaki rin ang maitutulong nito sa iba’t ibang sektor gaya ng mga buntis at lactating women, maging mga senior citizen. Ito ay rekomendado ring kainin maging ng mga regular at malulusog na indibidwal dahil sa taglay nitong sustansya at bitamina.

Ang enhanced nutribun, na hango sa nutribun technology na dinebelop noong 1970s, ay mas pinasiksik sa micronutrients gaya ng iron at Vitamin A. Mas malambot din ito kumpara sa unang version. Ang bawat piraso nito ay nasa 160 – 165 grams, kaya’t madali para sa mga maliliit na bata na hawakan at kainin. Nagtataglay din ito ng 504 calories, 17.8 grams protein, 6.08 milligrams iron, at 244 micrograms vitamin A. Ang bawat piraso ng enhanced nutribun ay makapagbibigay agad ng 60% ng requirements para sa vitamin A.

Isa sa mga naunang nagbigay ng kanilang interes para sa enhanced nutribun technology ay si Racky Doktor, may-ari ng Nutridense Food Manufacturing Corporation (NPMC). Ang



Ang enhanced nutribun na produkto ng DOST-FNRI. (Larawan mula sa DOST-FNRI)

Nutridense, isang kompanya na naglalayong bawasan ang malnutrisyon sa pamamagitan ng research-based food technologies ay isa sa mga matagumpay na enterprise na natulungan ng DOST dahil sa SETUP o Small Enterprise Technology Upgrading Program.

Mayroon ding apat pang enterprise mula sa Rehiyon II na nagbahagi rin ng kanilang interes sa pagma-manufacture ng enhanced nutribun. Ito ay ang: AJ’s Bread and Pastries; J.A. Fruits and Vegetable Processing; Quirino Livelihood for Everyone (Q-life); at J’s Bakeshop & Delicacies.

Samantala, ang 14 na enterprise naman sa Rehiyon IV-A ay ang: Gem See’s Cakeshop; Swisspharma Research Laboratories Inc.; San Jose Workers MPC; MRG Food Products/Malou’s Bakery; Magifrance Bakeshop and Café; Doughpro Manufacturing & Trading Corp.; LGU-Mauban, Quezon Province; Panaderia Pantoja, Inc.; Golden Wheat Bakery; El Richard Bakery; Anica’s Home Bread Store; Momilo Mio; Congw. Angelina “Helen” D.L. Tan, MD; at Amira’s Buco Tart Haus.

Dahil libreng ibibigay ng DOST-FNRI ang technology licensing, ang pangunahing babayaran nalang ng enterprise ay ang pag-set up ng pasilidad at pagbili ng equipment na nakadepende sa kung gaano kalaki ang produksyon nila ng enhanced nutribun. Bagama’t sagot na ng mga entrepreneur ang pasilidad at equipment, tutulong pa rin ang

pilot plant engineer ng DOST-FNRI sa plant lay out at sa listing ng mga equipment na kakailanganin.

Base sa kompyutasyon ng mga engineer ng DOST-FNRI, ang return of investment para sa enhanced nutribun ay nasa 30% at ang payback period ay nasa dalawa hanggang dalawa’t kalahating taon.

Noong 1970s, 30 milyong nutribun ang ipinamahagi ng DOST-FNRI sa 200,000 kabataan. Samantala, paliwanag ni Garcia na ang aabot sa isang milyong kabataan ang maaaring matulungan ng enhanced nutribun. Ang eksaktong bilang ay nakadepende sa DSWD, LGUs, at DepEd dahil aniya, nasa mga ahensyang ito nakasalalay ang distribusyon ng produkto.

“We have more malnourished children now, than in the 70s,” dagdag pa ni Garcia.

Ang DOST-FNRI ay isang research and development institute na nag-debelop sa enhanced nutribun technology. Sila rin ang may kakayahang mag-transfer ng technology para sa mga may kapasidad na entrepreneur upang ma-prodyus ito sa merkado. Samantala, bukas-palad namang nagbigay ng suporta ang DepEd, DTI, at DSWD. Kaugnay nito, mayroon nang nakalaang pondo ang DepEd at DSWD para sa distribusyon ng enhanced nutribun sa mga kabataan sa tulong ng kani-kanilang mga eskwelahan at sa pamamagitan ng mga supplementary feeding program.

sundan sa pahina 4

DOST ibinida... Mula sa pahina 2

Sa ika-27 ng Nobyembre 2020 naman, ang the DOST-Forest Products Research and Development Institute (FPRDI) ay magsasagawa ng Bamboo Musical Instruments (BMI) Virtual Concert mula 09:00 AM – 11:00 AM. Susundan ito ng “Food Safety Careers: What is it in Food Safety R&D?” na hatid ng DOST- Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) mula 11:00 AM hanggang 1:00 PM.

Ang susunod namang webinar pagkatapos nito ay tungkol sa pagbabahagi ng isang eksperto mula sa DOST-NRCP nang eksplanasyon ukol sa siyensya sa likod ng mga panaginip. Ito ay gaganapin mula 1:00 PM – 3:00 PM. Sa pagtatapos ng araw na ito, magkakaroon naman ng webinar ang DOST-PAGASA tungkol sa “Bagyo at Baha, Bata at Matanda ay Ligtas” mula 3:00 PM to 5:00 PM.

Sa ika-28 ng Nobyembre 2020, ang mga nakalinyang webinar ay ang mga sumusunod: “Galing-PCAARRD Kontra COVID-19: Pagkain at Kabuhayan Sa Pamayanan” mula 9:00 AM – 11:00 AM; “Advanced Manufacturing Center (AMCEN): Manufacturing Beyond the Conventional” na hatid ng DOST- Metals Industry Research and Development Center (MIRDC) mula 11:00 AM – 1:00 PM; “Regulating Nuclear Facilities and Activities in the Philippines” sa pangunguna ng DOST-Philippine Nuclear Research Institute (PNRI) mula 1:00 PM – 3:00 PM; at iSTART: Bridging Gaps, Reducing Inequalities ng DOST-Caraga mula 3:00 PM – 5:00 PM.

Sa huling araw naman ng NSTW, magsasagawa ang DOST-SEI ng kanilang ikaapat na IndieSiyensya Film Exhibition mula 9:00 AM – 10:00 AM at webinar tungkol sa DOST Courseware and Mathematics for e-Learning mula 10:00 AM – 11:00 AM. Samantala, ang huling webinar sa araw na ito ay isang orientation webinar sa Manufacturing Productivity Extension for Export Promotion (MPEx) sa pangunguna ng DOST Region VI office.

Bukas sa publiko ang mga nabanggit na webinar mula ika-23 hanggang ika-29 ng Nobyembre. Samantala, nakasaad sa program of activities kung alin sa mga webinar ang “for invitation” lamang. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring magtungo sa www.nstw.dost.gov.ph at sa opisyal na Facebook page ng National Science and Technology Week. (Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII.)

Sustainable textile webinar sa 2020 NSTW pangungunahan ng DOST-PTRI

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII



NATIONAL SCIENCE & TECHNOLOGY WEEK 2020
AGHAM AT TEKNOLOHIYA: SANDIGAN NG KALUSUGAN, KABUHAYAN, KAAYUSAN, AT KINABUKASAN

**TELA Sustainability in Textile and Fashion
WEBINAR**

November 25, 2020 (Wednesday) | 1:00 – 3:00 PM

DOST-PTRI | TELA Pilipinas by DOST-PTRI | ptri.dost.gov.ph | @telapilipinas

Tatlong webinar sa textile at fashion innovations ang hatid ng Department of Science and Technology-Philippine Textile Research Institute (DOST-PTRI) sa ika-25 ng Nobyembre 2020 na kabilang sa kauna-unahang virtual 2020 National Science and Technology Week.

Kasunod ng mataas na demand sa sa textile production ay siyang pagtaas din ng textile pollution. Kaya naman, layon ng webinar na mas palawagin ang awareness sa sustainability initiative ng mga internasyonal na organization at iba't ibang sektor sa textile at fashion industry, at kalaunan ay magkaroon ng kolaborasyon sa pagkamit ng sustainable development goals.

Ipapaliwanag ni Dr. Rene van Berkel, mula sa United Nations Industrial Development Organization (UNIDO) India, ang internasyonal na perspektibo sa sustainable solution sa textile at fashion, kung saan makikita ang mga accomplishment at plano ng textile industry upang makamit ang United Nations (UN) sustainable development goals (SDGs).

Pag-uusapan din sa naturang webinar ang Garment-to-Garment Recycling System ng Hong Kong Research Institute of Textiles and Apparel (KHRITA) sa pangunguna ng KHRITA Director for Project Development Dr. Gloria Yao sa kanyang session na pinamagatang “Textile Recycling: Applied R&D in the Circular Textile Economy”.

Sa huling parte naman ng webinar, ipakikita naman ni DOST-PTRI Director Celia B. Elumba ang kanilang mga programa patungkol sa research and development ng sustainable textile materials sa kaniyang presentasyon na pinamagatang “TELA Model for Sustainable Textile Development”. (Impormasyon mula kay Lanquin Seyer R. Gacusan, DOST-STII)

Libreng nutrisyon... Mula sa pahina 3

Iniiimbihan naman ng DOST-FNRI ang mga entreprenyur sa bansa na makipag-ugnayan sa kanila sa pagpo-prodyus ng enhanced nutrisyon at gawin itong accessible hindi lamang sa mga kabataan ngunit maging sa publiko.

Samantala, ang iba pang teknolohiya ng DOST na bukas sa mga interesadong entreprenyur ay ipakikita sa virtual 2020 National Science and Technology Week (NSTW)

mula ika-23 hanggang ika-29 ng Nobyembre 2020. Ilan pa sa mga ibibidang teknolohiya ay ang GALING-PCAARRD Program agricultural technologies, food production, at iba't ibang livelihood opportunity.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring magtungo sa www.nstw.dost.gov.ph at sa opisyal na Facebook page ng National Science and Technology Week. (Impormasyon mula kay Geraldine B. Ducusin, DOST-STII.)